

PAHAYAG SA PAGDIRIWANG NG PANDAIGDIGANG ARAW NG PAGGAWA

ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral
Partido Komunista ng Pilipinas

Mayo 1, 1994

Sa okasyon ng pagdiriwang ng pandaigdigang araw ng paggawa, ang Partido Komunista ng Pilipinas (MLKMZ) ay nagpupugay sa uring manggagawa ng Pilipinas at ng buong daigdig bilang uring namumuno sa pagpapalaya ng sangkatauhan sa lahat ng klase ng pagsasamantala at pang-aapi ng mga imperyalista at mga reaksyunaryong galamay nila.

Sa buong daigdig ang rebolusyonaryong proletaryado ay nagpapanibagong lakas sa pamamagitan ng pagtatayo ng proletaryong partido sa mga bayang wala pa at doon sa mga mayroon na, sa pamamagitan ng ibayong pagkokonsolida sa ideolohiya, pulitika at organisasyon, matatag na pagtataguyod sa Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong at puspusing pagtatakwil sa rebisyunismo upang muling palakasin ang kilusang anti-imperyalista at sosyalista.

Ang krisis ng kapitalismo na lumiligalig sa masang manggagawa, malamanggagawa at maging sa mga empleyadong de-kurbata, mga propesyunal at maliliit na may-ari ng propiyedad sa iba't ibang sulok ng daigdig mula sa mga atrasadong bayan ng katimugan hanggang sa mga industriyalisadong bayan ng hilaga ay nag-uudyok sa rebolusyonaryong proletaryado na huwag magpatangay sa pagdadalamhati, panlulumo, likidasyunismo, oportunismo o makauring kolaborasyon at sa halip ay

magwaksi sa mga bagahe ng rebisyunismo, humango ng mga rebolusyonaryong aral mula sa malalaking kabiguan at mapapait na karanasan, at magpunyagi sa pagrerebolusyon.

Walang hokus-pokus ng high-tech na mass mediang imperyalista o paglalangis ng mga repormistang petiburges sa malaking burgesya ang makatatabon sa maiigting na saligang kontradiksyon ng kapitalismo at imperyalismo na humahalukay sa mga lipunan at bansa ng daigdig. Ang mga kontradiksyong ito ang nagluluwal sa mga pwersa ng proletaryong rebolusyon at nagtutulak sa mga mamamayan na lumaban at magrebolusyon. Ito ay obhetibong batas na labas sa suhetibong kagustuhan ng tao.

Sa araw na ito ang proletaryadong Pilipino ay nagpapahayag ng kanyang pakikiisa sa proletaryado at mamamayan sa buong daigdig sa determinadong paglaban sa imperyalismo at sa pagpapanibagong lakas ng sosyalismo. Muli nitong pinagtitiibay ang proletaryong rebolusyonaryong linya para sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng digmang bayan laban sa imperyalismong US at mga lokal na galamay nito para makamit ang tunay na kalayaan at demokrasya upang makatungo sa sosyalismo. Kaalinsabay, iwinawaksi nito ang rebisyunismo at mga ideolohiya at linyang petiburges at burges.

Ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa ay nasa unahan at gulugod ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran. Walang tigil na nagsisikap ito na buuin ang malawak at matibay na pagkakaisa ng uring manggagawa sa batayan ng programa ng bagong demokratikong rebolusyong bayan; militanteng pamunuan ang mga pakikibaka para sa tunay na unyonismo at laban sa dilawang unyonismo, para sa pagpapabuti sa kalagayan ng pamumuhay at paggawa ng masang manggagawa laban sa ibayong pagpapatindi ng pagsasamantala at pang-aapi ng mga imperyalista at lokal na malaking burgesya at laban sa mga kontra-manggagawang patakaran na ipinatutupad ng rehimeng US-Ramos at sari-saring panggagantso ng burgesya; makipagkaisa sa iba pang uring inaapi at pinagsasamantalahan upang isulong ang pakikibaka para sa tunay na kalayaan at demokrasya; bumahagi sa tuwiran at di-tuwirang paraan sa armadong pakikibaka sa kanayunan; at mahigpit na makipagkaisa at makipagtulungan sa mga partidong proletaryo at mga

pwersang anti-imperyalista at demokratiko sa iba't ibang bahagi ng daigdig.

Ang pandaigdig na krisis ng sistemang kapitalista ay lalong nagsasadlak ng mga malakolonyang tulad ng Pilipinas sa mas matinding paghihikahos at pagkabusabos. Ang inilalakong mga solusyon diumano sa krisis ay mga huwad na pormula sa kaunlaran na naglilingkod lamang sa interes ng mga imperyalista at lokal na reaksyunaryong naghaharing uri. Sa kasalukuyan, nakaimpake ito sa programang "Philippines 2000" ng rehimeng US-Ramos ayon sa dikta ng IMF-WB. Mga tampok na sangkap nito ang pag-engganyo sa dayuhang pamumuhunan, liberalisasyon sa kalakalan kasabay ng pagpapataw ng patakaran sa mababang pasahod, pagkakait sa karapatang mag-union at magwelga, pagpapalaganap ng sistemang labor - contracting upang mapababa ang pasahod at buwagin o hadlangan ang pag-uunyon. Ang resulta ay ibayong pagkasalanta sa ekonomya ng bayan, lalong pagkabaon sa atrasado at malapyudal na ekonomyang import-eksport, ibayong paghihikahos ng mamamayan at ibayong tubo para sa mga imperyalista. Mas masahol pa, kapalit ng huwad na pangako ng kaunlaran ng "Philippines 2000", inilalako ng rehimeng US-Ramos ang pangangailangan ng mga restriksyon sa mga demokratikong karapatan at ang patuloy na malawakang militarisasyon at todong kontrarebolusyonaryong digma upang durugin ang rebolusyonaryong kilusan.

Hangad ng rehimeng US-Ramos na sugpuin ang militanteng kilusang manggagawa. Alinsunod sa reaksyunaryong dalawahang taktika, ipinatutupad ang isang malawak na operasyong sikolohikal upang linlangin at hatiin ang masang manggagawa sa pamamagitan ng diumanong pag-iral ng "ikatlong pwersa" at opensiba ng repormismo. Minomobilisa dito ang mga dating dilawan, mga galamay ng CIA, tulad ng TUCP, FFW, AAFLI, mga repormistang organisasyong petiburges at mga anti-komunistang oportunistang taksil tulad nina Reyes, Tabara, Lagman at Kintanar. Kasabay ng kampanya ng mga oportunistang taksil para sa pagsuko at likidasyon ng rebolusyonaryong kilusan, nakikipagkorus sila sa mga dilawang aristokrata sa paggawa at mga repormistang grupong petiburges -- ayon sa kumpas ng Malakanyang at embahada ng Estados Unidos -- sa paglalako ng linya ng makauring kolaborasyon at

repormismo. Matapos itakwil ng rebolusyonaryong kilusan at rebolusyonaryong masa, ang mga oportunistang taksil ay nagpapakupkop sa mga dilawan, repormista at reaksiunaryo at walang kahihyang nangangayupapa at nagbebenta ng kanilang kontrarebolusyonaryong serbisyo sa rehimeng US-Ramos at sa burgesyang lokal at internasyunal.

Ang mga oportunistang taksil ay nagkokonsentra sa pag-atake sa rebolusyonaryong kilusan at nanlilinlang sa pamamagitan ng mga rebolusyonaryong pananalitang sinikwat upang ihalo at gawing palabok sa mga pariralang repormista at populista na nasa uso tulad ng empowerment, pluralismo at globalisasyon at iba pang isyung nakaibabaw daw sa mga uri at tunggalian ng mga uri. Ang ipinalalaganap nila ay walang iba kundi ang dati pa rin at luma nang kapitulasyunismo, makauring kolaborasyonismo at repormismo na tinatangkang pagmukhaing moderno at maringal.

Gaano man katuso at kawalang-pakundangan sa pagsikwat ng mga rebolusyonaryong pananalita, hindi maitatatwa ng mga oportunistang taksil ang kanilang pagiging huwad at pagiging kasangkapan ng mga reaksiunaryo at dilawan. Ang kanilang empowerment ay panlilinlang sa masa sa repormismo o mas masahol pa, sa tahasang pagsuporta at pagpapakasangkapan sa Oplan Sandugo at Oplan Lambat-Bitag ng rehimeng US-Ramos. Ang kanilang pluralismo ay pluralismong burges na nakapuntirya sa rebolusyonaryong proletaryado, antisosyalista at antikomunista. Ang kanilang pagbabago sa lipunan ay mga kahilingang tinapyas, pinapurol at pinalambot upang gawing katanggap-tanggap sa burgesyang lokal at internasyunal at iba pang reaksiunaryong naghaharing uri. Ang kanilang globalisasyon ay karatulang pangontra sa linya at pakikibakang anti-imperyalista. Kaya hindi nakapagtataakang binibigyan sila ng puwang at inaayudahan nang tuwiran at di-tuwiran ng rehimeng US-Ramos sa kanilang mga pahayag at pagkilos tulad ng pagsuporta sa programang "Philippines 2000", paglalako ng kapayapaan at kolaborasyong industriyal at panghahatak para sa lokal na negosasyon sa pagsurender.

Sa kabila ng mga pananabotahe ng mga oportunistang taksil at pananalakay ng rehimeng US-Ramos, ang Partido at rebolusyonaryong

pakikibaka ay walang humpay na tumatatag at sumusulong sa wastong rebolusyonaryong landas alinsunod sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan. Ang maalab na pagsalubong ng masang magbubukid sa kanayunan sa rebolusyonaryong propaganda, pag-oorganisa at pagpapakilos ng Partido at Bagong Hukbong Bayan; ang masigasig na paglahok ng malawak na masa ng maralita at petiburgesya sa kalunsuran sa mga protestang masa; ang mabilis na lumalawak na kilusang welga sa mga pabrika ay mga palatandaan ng napakalalim na krisis at napakainam na sitwasyon para sa pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusan at pakikibaka sa iba't ibang larangan. Pagkaraang maiwaksi ang mga bulok at oportunistang taksil, ibayong mas mainam ang internal na kalagayan para sa pagpapanibagong-lakas at pagpapanibagong-sigla ng rebolusyon.

Ang mga dating promotor ng insureksyunismong lunsod ay lumantad na ngayon bilang mga kapitulasyunista at kolaborasyunista. Tunay na mga ahente sila ng burgesya sa kilusang manggagawa. Ngayong lubos na silang lumantad, mas mainam ang kalagayan para sa konsolidasyon at ibayong pagpapalakas ng organisasyon at pamumuno ng Partido sa kilusang manggagawa. Kapag puspusang naiwaksi ang mga mapaminsalang impluwensya ng "kaliwa" at kanang oportunismo at matatag na napamayani ang wastong pamumuno ng Partido, hindi lamang mapalalalim at mapalalakas ang rebolusyonaryong gulugod sa hanay ng masang manggagawa nang di hamak na higit pa sa nakaraan, mas tiyak at mas matatag na makasusulong ang militante at makabayang kilusang unyon mula tagumpay tungo sa higit pang tagumpay.

Ang pananabotahe at panghahati ng mga oportunista sa rebolusyonaryong kilusang manggagawa ay nagpapatunay lamang na ang mga proletaryong rebolusyonaryong pwersa ay kailangang palaging magmatyag, masigasig na tumupad sa mga gawain sa pagbubuo sa ideolohiya, pulitika at organisasyon; at puspusang makitunggali sa linya at pananaw na burges at petiburges. Upang higit pang makapagpalakas at makasulong, isang hindi maiiwasang obligasyon ang paglalantad at militanteng pakikitunggali sa linyang kapitulasyunista, kolaborayunista at repormista ng mga oportunistang taksil.

Ang kabuuang sitwasyon sa bansa at sa kilusang paggawa ay

paborable sa puspusang paggapi sa oportunistang pananabotahe at panghahati at pagpupunyagi sa rebolusyonaryong linya. Ang napakalalim na krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal ay walang tigil na lumilikha ng kalagayang napakainam sa rebolusyon.

Sa kasalukuyan dapat bigyang-pansin sa pagpapalakas sa rebolusyonaryong kilusang paggawa ang mga sumusunod:

1. Puspusang pagbubuklod ng masang manggagawa sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan;
2. Masigasig na pagpapalaganap ng MLKMZD sa hanay ng masang manggagawa.
3. Pagpapalawak at pagpapalalim ng rebolusyonaryong kilusang lihim sa hanay ng masang manggagawa sa pamamagitan ng solidong pag-oorganisa.
4. Pagpapasigla sa militanteng unyonismo at pakikibaka para sa mas mabuting kalagayan sa pamumuhay at paggawa ng masang manggagawa.
5. Tuwiran at di-tuwirang pagsuporta sa armadong pakikibaka at rebolusyonaryong kilusang masa sa kanayunan.
6. Mahigpit na pakikipagkaisa sa iba pang pinagsasamantalahan at inaaping uri at sektor para sa pagsusulong ng pakikibaka para sa tunay na kalayaan at demokrasya.
7. Pagtataguyod sa proletaryong internasyunalismo sa pamamagitan ng pakikipagkaisa sa mga proletaryong partido sa ibang bayan at iba pang mga pwersang antiimperyalista at demokratiko.

Mabuhay ang manggagawang Pilipino!

Mabuhay ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa!

Ilantad at itakwil ang kapitulasyunismo, kolaborasyunismo at repormismo!

Mangahas makibaka, mangahas magtagumpay!

* * *